ISSN: 2546-0536


# HANEP

*Basahin Mo Ito!*

Taon 3 • Blg. 25 Okt.29 - Nob. 4, 2018 • P10.00



**Mail Permit No. 2C-17-05-533**
Entered as 1st Class
Office of Entry: Bacoor City, Cavite



WANTED
LAYOUT ARTIST
Look for KA INDO
JUST CALL OR TEXT:
0997-9088638/ 0918-6174067


## FORUM ON FEDERALISM, ISUSULONG NG CAVITE PROVINCE PUBLISHERS LEAGUE INC.

pahina 2




JESSY MENDIOLA, MAY LIMITASYON NA

PANGALAN NI ROSARIO, CAVITE MAYOR RICAFRENTE 'BINITBIT' NG LASENGGO p.12

GK PROJECT FOR 120 FAMILIES BREAKS GROUND IN IMUS CITY p. 5

CAVITE OKAYS STRICTER DOG OWNER'S RESPONSIBILITY LAW pahina 4

Thailand Pattaya Youth Chess Championship 2018: PH chess wizard Clark Jemuel Cabatian papalapit sa titulo pahina 6

PEKENG ENFORCER, NAPERDER p.7

BARANGAY CHAIRMAN SA 'DASMA, DINAKMA SA DROGA p. 11

2 MIYEMBRO NG GUNRUNNING SYNDICATE SA CAVITE, TIKLO pahina 9

ACCEPTING ADS, PLEASE CONTACT: 0977-7844136/ 0929-8127638

# FORUM ON FEDERALISM, ISUSULONG NG CAVITE PROVINCE PUBLISHERS LEAGUE INC.

**ISANG masusing talakayan hinggil sa pederalismo ang nakatakdang itaguyod ng Cavite Province Publishers League, Inc. (CPPLI) na inaasahang magiging epektibong paraan upang higit na maunawaan ng publiko ang isinusulong na bagong uri ng gobyerno sa bansa ng kasalukuyang administrasyon na naglalayong higit na palakasin ang kakayahan ng mga rehiyon sa bansa upang pamahalaan ang kani-kanilang nasasakupan sa ilalim ng 'Bayanihan Federalism,.**

Ang nasabing talakayan—na may panukalang pangalan na "Bayanihan Federalism: Pros and Cons"—ay gaganapin sa isang nangungunang unibersidad sa lalawigan ng Cavite at inaasahang dadaluhan ng mga aanyayahang information officers ng mga lungsod at munisipalidad, mga kinatawan mula sa iba't ibang ahensya ng pamahalaan, mga mag-aaral at miyembro ng akademya.

Ito ay bilang tugon din sa ginanap na 'Federalism Media Forum' sa Paseo Premiere Hotel, City of Sta. Rosa, Laguna, kamakailan na itinaguyod ng Department of the Interior and Local Government (DILG)-Region IV-A (Calabarzon) katuwang ang Philippine Information Agency (PIA)-Calabarzon.

Naging panauhing tagapagsalita sa nasabing okasyon sina Sec. Gary Olivar at Attorney Susan Hubalde-Ordinario, kapwa kasapi ng Consultative Committee to Review the 1987 Constitution; DILG IV-A Regional Director Manuel Goitis at PIA-Calabarzon Regional Director Maria Cristina C. Arzadon.

Ayon kay CPPLI President Rebecca Velasquez, mahalaga ang mga talakayang gaganapin sa mga darating pang mga araw hinggil sa pederalismo upang maunawaan ito, hindi lamang ng mga nasa sa lokal na pamahalaan, akademya at mag-aaral, kundi maging ng mga ordinaryong mamamayan na nagkakaroon ng maling pagkakaunawa dito bunga ng maling impormasyong nakakalap na karamihan ay nagmumula sa mga tumututol sa mapalitan ang 1987 Constitution.

SA ilalim ng isinumiteng 'Final Copy' ng panukalang Konstitusyon na may titulong "Power to the People; Bayanihan Federalism; Power to the Regions", ang Republika ng bansa—na tatawaging 'Federal Republic'—ay bubuuin ng 16 na rehiyon (Federated Regions), ang Bangsamoro at Federated Region of the Cordilleras.

Sa ilalim ng nasasakupang teritoryo ng mga ito, ang Federated Regions ay may kapangyarihan sa mga sumusunod: " (a) Socio-economic development planning; (b) Creation of sources of revenue; (c) Financial administration and management; (d) Tourism, investment, and trade development; (e) Infrastructure, public utilities and public works; (f) Economic zones; (g) Land use and housing; (h) Justice system; (i) Local government units; (j) Business permits and licenses; (k) Municipal waters; (l) Indigenous peoples' rights and welfare; (m) Culture and language development; (n) Sports development; and (o) Parks and recreation".

Ang kapangyarihan naman ng pamahalaang-nasyonal—na tatawaging "Federal Government'—ay sumasakop sa mga sumusunod: "(a) Defense, security of land, sea, and air territory; (b) Foreign affairs; (c) International trade; (d) Customs and tariffs; (e) Citizenship, immigration and naturalization; (f) National socio-economic planning; (g) Monetary policy and federal fiscal policy, banking, currency; (h) Competition and competition regulation bodies; (i) Inter-regional infrastructure and public utilities, including telecommunications and broadband networks; (j) Postal service; (k) Time regulation, standards of weights and measures; (l) Promotion and protection of human rights; (m) Basic education; (n) Science and technology; (o) Regulation and licensing of professions; (p) Social security benefits; (q) Federal crimes and justice system; (r) Law and order; (s) Civil, family, property, and commercial laws, except as may be otherwise provided for in the Constitution; (t) Prosecution of graft and corruption cases; (u) Intellectual property; and (v) Elections".

Ang mga ito ay nararapat lamang na maparating at maunawaan ng nakararaming Pilipino, ayon pa kay Ms. Velasquez at nagsabing inihahanda na ng CPPLI ang mga kakailanganin upang maging matagumpay ang talakayang gaganapin para dito **(elc)**



Si **CPPLI Vice President Ed Cuvinar** sa kanyang mahalaga at makabuluhang katanungan. **RS**



May kinalaman sa inflation rate ang ibinatong tanong ni Reyland Lopez, ng CPPLI. **RS**




Mula (kaliwa) DILG IV-A Regional Director Manuel Goitis; Atty. Susan Hubalde-Ordinario; Secretary Gary Olivar,kapwa kasapi ng Consultative Committee to Review the 1987 Constitution; at PIA-Calabarzon Regional Director Maria Cristina C. Arzadon. **RS**

# Calabarzon needs more health workers: DOH

**CALAMBA CITY, Laguna** — A top official of the Department of Health (DOH) Calabarzon Regional Office has called on development partners to help resolve the shortage of health workers in the region, which comprises the provinces of Cavite, Laguna, Batangas, Rizal and Quezon.

Dr. Eduardo C. Janairo, DOH Calabarzon regional director, made the call in a regional report on Wednesday after spearheading the "Collaborative Meeting with Development Partners" in the region at Midas Hotel in Pasay City on October 18 to 19.

"We are in need of 391 doctors, 1,233 midwives and 25 more nurses to achieve the priority human resources development goal and to guarantee quality health services for all of the population," Janairo said.

Data obtained from the Health Facility Operations and Development Unit (HFODU) as of 2017 revealed that Cavite has only 63 physicians; 202 public health nurses (PHN), and 343 rural health midwives (RHM) while Laguna has 88 physicians, 157 PHN, and 411 RHM.

On the other hand, Batangas employs 48 physicians, 111 PHN and 341 RHM; Rizal with 84 physicians, 155 PHN and 193 RHM; and Quezon with 67 physicians, 120 PHN and 440 RHM.

Calabarzon Region has a total of 65 government health facilities and 149 private hospitals.

These figures cover Cavite with a total 11 public and 45 private hospitals; Laguna — 15 public and 39 private hospitals; Batangas — 15 public and 34 private; Rizal — eight public and 16 private; and Quezon has 16 public and 15 private health facilities.

"Health personnel is a key factor in achieving universal health care. An adequate human resource will ensure the implementation of any health care program," Janairo said.

In view of the situation, Janairo disclosed that the regional health office will introduce tactical stop gap measures for immediate implementation.

"We need immediate output and outcome to address these insufficiencies. By adapting the whole of government approach, such as working with a unified goal, complementing and in concurrence with health services organizations, the academic sector and the health authorities, we can place the right people in the right places, achieving an equitable distribution of health professionals and skill sets throughout all geographic areas of the region," he said.

During the consultative meeting with health partners, DOH Calabarzon Medical Officer IV Dr. Wyda D. Berina also explained the composition and tasks of the HFODU.

Also, Dr. Susana C. Castillo, head of the DOH Calabarzon HFODU presented assessments on the regional human resources situation in the health management and operations and identified gaps in the management of health facilities.

The collaborative meeting aims to familiarize health partners in the current health situation of the Calabarzon Region and build consensus among partner agencies in formulating strategies to address the shortage in health human resource and in defining approaches to overcome the critical challenges in the operation and management of the region's health facilities.

The meeting also identified gaps, among them inadequate hospital staff, unfilled vacant positions, multitasking, excess duties, performs beyond job description, no trained personnel to complement available equipment and inadequate capability for patient transport.***(Saul Pa-a/PNA)***



# KAKAMPI MO ANG BATAS

Atty. Batas Mauricio

## Duterte, dapat ng mag-milagro sa “poor Internet issue”

**INSPIRASYON SA BUHAY:** “… Sa araw na iyon ay maririnig ang tinig ng arkanghel at ang tunog ng trumpeta ng Diyos, at ang Panginoon mismo ay bababâ mula sa langit na sumisigaw. At ang mga namatay na sumasampalataya kay Cristo ay bubuhayin muna…” (1 Tesalonica 4:16, Bibliya).

-ooo-

**FREE INTERNET SERVICE? WALA NAMANG KONEKSIYON!** Sa talaga lang ha, mga kasama dito sa Kakampi Mo Ang Batas! Kailangan ng kumilos at magpakita ng matinding resulta, ngayon na, ang gobyernong Duterte ukol sa kaawa-awang kalagayan ng serbisyo sa Internet sa Pilipinas, lalo na at dalawang-taong mahigit na mula noong ito ay mabigyan ng sambayanan ng pagkakataong pamunuan ang bansa noong 2016, partikular ng mga Pilipinong grabe na ang pagdurusa sa napakasama pero napakamahal na serbisyo ng mga telcos.

Nabigyan ko ito ng pansin noong Lunes ng hapon, Oktubre 22, 2018, habang ako ay naghihintay ng eroplano pabalik sa Manila sa Puerto Princesa International Airport. Kasi naman, nagtangka akong kumukonekta sa isang Internet provider na nagsasabing nagbibigay ito ng libreng connection sa isang malaking international airport pa mandin, pero gaya ng larawang ipinakita ko noong araw na iyon sa aking Facebook account (www.facebookcom/attybatas), wala talagang koneksiyong makuha.

-ooo-

**DUTERTE, DAPAT NG MAG-”MILAGRO” SA TELCO ISSUE:** Nanalangin po ako na sana naman ay may magawa na (o makagawa na ng milagro) ang Pangulong Duterte sa puntong ito ng kanyang pamumuno upang magkaroon ng tunay na pagbabago sa bansa, kahit man lamang sa serbisyo ng telcos sa Internet, gaya ng buong gilas niyang ipinangako, kasama pa ang malulutong na mura, noong nangangampanya pa siya bilang kandidato sa pagkapangulo.

Para sa kapakanan ng mga Pilipinong naniwala sa kaniya noon pero nagdududa na sa ngayon kung siya na nga ba ang ipinangakong lider na magaalis ng paghihirap ng sambayanan mula sa pamumuno ng mga nakaraang mga pangulo, marapat ng magpakita na ng resulta (o milagro, kung kinakailangan) si Duterte, kahit sa telco service man lamang. Kung hindi, baka tuluyan na siyang iwanan at kalimutan ng mga orihinal na sumuporta sa kaniya, dahil sa pagka-dismaya.

-ooo-

**MAS MAAYOS ANG MINDANAO SA ILALIM NG MARTIAL LAW:** Kung ako po ang tatanungin kung palalawigin pa ba o hindi na ang martial law sa Mindanao matapos ang Disyembre 31, 2018, isusulong ko ang pagpapatuloy nito hindi lamang ng isang taon pa, kundi sa mas mahabang panahon. Sa aking karanasan kasi sa Iligan City noong nandodoon ako mula Oktubre 06 hanggang Oktubre 09, 2018 dahil sa kasal ng pamangking kong si Justin kay Angelie Deolan Mauricio, kitang-kita ang kaayusan at kapayapaan sa rehiyon dahil sa martial law.

Oo naman, nagkalat ang napakaraming mga pulis at mga sundalo noong Oktubre 07, 2018, pero ito ay upang bantayan ang napakaraming mga dumating na nakipamiyesta dahil nga alam nilang ligtas sila mula sa panganib bunga ng napakaraming autoridad noon. Ang dapat na pag-ingatan na lamang ng gobyernong Duterte sa ngayon ay huwag ma-abuso ang martial law para sa pampersonal o pampulitikang interest ng iilan, gaya ng inaakusa sa martial law ni Marcos.

-ooo-

**MGA PATOTOO NI JESUS NA SIYA ANG DIYOS AMA, ANAK, AT ESPIRITU SANTO (XVIII):** Sa maraming mga Kristiyano, magkakaiba ang kanilang mga pananaw sa pakikipaghapunan ni Jesus, ang ating Diyos at Tagapagligtas, sa kaniyang mga alagad bago Siya ipinako sa krus. Sa Simbahang Anak Ng Diyos Kadugo Ni Kristo (AND KNK), tinatawag ang hapunang ito ni Jesus bilang “banal na pakikipagisa sa katawan, dugo, at Espiritu ni Jesus”.

Ganundin, kinikilala ito ng AND KNK bilang isang patotoo mula kay Jesus na Siya ang Diyos at Tagapagligtas at Siyang Diyos Ama, Anak, at Espiritu Santo. Bakit po? Kasi po, habang nagbibigay si Jesus ng tinapay at alak sa Kaniyang mga alagad, sinabi Niyang iyon ang Kanyang katawan at dugo, na magbibigay ng kaligtasan sa mga tao. Sa maraming bersikulo sa Bibliya, iisa lamang ang nagsabing Siya ang Tagapagligtas—ang Diyos Ama lamang. Maliwanag na ang “katawan” at “dugo” ni Jesus ang Siyang “katawan” at “dugo” ng Ama.

-ooo-

**MAG-ASAWANG HIWALAY DI PUWEDENG PAKASAL SA IBA:** Tanong na ipinadala sa aking cellphone, 0933 825 1308 ng isang taga-subaybay: “Atty. Batas, maaari po bang magpakasal ako sa iba kung pitong taon ng kaming hiwalay ng asawa ko?” Sagot ng LAWYERS IN THE LIGHT (Lawyers Instructed on Godliness, Humility, and Truth): Hindi po puwede, kasi bagamat hiwalay na ang mag-asawa ng pitong taon (o higit pa), nananatiling may bisa ang kanilang kasal. Kailangang ipabalewala muna ang kasal nila sa isang kaso ng annulment of marriage.

-ooo-

**MAKINIG, MANOOD:** Ngayon, ang “Ang Tanging Daan”, isang Bible study at prayer session sa Internet, ay mapapakinggan at mapapanood na ng 24 ORAS, sa Pilipinas at sa buong mundo, sa Facebook, sa www.facebook.com/angtangingdaan . Telepono: 0933 825 1308, 0917 984 2468, 0977 805 9058. Email: batasmauricio@yahoo.com.

# SALUYOT

FLORENDO CACACTIN



## Delicadeza

ANG simula ng pangangampanya para sa national posts ay sa Pebrero 12 pa ng susunod na taon.

Para naman sa mga lokal na posisyon, ang pagsisimula ng kampanyahan ay sa Marso 29 pa.

Batay ito sa itinatakda ng Commission on Elections kaugnay ng May 11, 2019 elections.

Bumibira ang Comelec sa ilang kandidato sa pagkasenador sa 2019 midterm polls.

Hehehe, obyus daw na nagsasagawa na ng maagang pangangampanya.

Sabi nga ni Comelec spokesperson James Jimenez, sinasamantala ng ilang senatorial candidates ang ‘butas’ sa umiiral na batas na may kinalaman sa premature campaigning.

Ganyan talaga ang ilang kandidato lalo at may kakayahang pinansiyal.

Kayang-kaya nila ang maagang pangangampanya dahil sa kanilang pera.

Ang masaklap nga lamang, kapag nanalo ang kandidato ay kung sa paanong paraan babawiin ang kanya o kanilang nagastos.

Patay kang Juan dela Cruz ka, hahaha.

Sa pahayag ni Jimenez ay wala raw magagawa ang komisyon na pigilan ang mga ganitong klaseng kandidato.

Wala kasing nakikitang paglabag eh, ang bawal lang naman kasi ay ang pagbibigkas ng katagang ‘iboto po ninyo ako’ sa bawat pagtitipon na kanilang dinadaluhan.

Ganoon din ang paglalagay ng mga streamer o poster na may nakasulat na ‘vote Juan dela Cruz for senator’ o ano mang posisyon.

Kaya nga ang sabi ni Jimenez ay pairalin na lamang sana ng mga kandidato ang delicadeza.

ang mga ito lalo pa’t hindi pa nag-uumpisa ang campaign period.

Nakakatawa naman, mayroon bang delicadeza ang mga ganyang kandidato?

Anak ng saluyot, eh ang titindi ng kakapalan ng pagmumukha ng ilan sa kanila.

Sa mga boboto, alam na ninyo ah.

# EDITORYAL

## Alayan ng dalangin

**PANAHON ng Undas, ito ang paggunita sa ating mga mahal sa buhay na yumao na.**

**Pagbisita sa mga puntod kasabay ng pag-alay ng bulaklak at pagsisindi ng kandila.**

**Higit sa lahat ay ang pag-aalay ng panalangin sa kaluluwa ng mga yumao nating kaanak o kaibigan.**

**Ikaw, paano mo ba sila inaalala?**

**Nagagawa mo pa bang makapunta ng sementeryo at bisitahin ang kanya o kanilang puntod?**

**Maaaring ito ay isang kaugalian na hindi na mawawala sa atin bilang pag-alala sa kanila.**

**Subalit sana lamang ay alisin na ang isa pang nakaugalian na tila ginagawang music o disco house ang kanilang himlayan.**

**Kung hindi man magkakaroon ng pagkakataong makabisita sa kanilang puntod ay alayan sila ng dalangin kahit saan ka man naroroon.**


ADVERTISING RATES

**COMMERCIAL** --------- P200/col.cm
**LEGAL/NOTICES** ----- P160/col.cm



HANEP Basahin Mo Ito!

**ROMEO S. SANTOS** — *Publisher/Editor-in-Chief*
**JUNE BILLONES** — *Managing Editor*
**JOJO DEMETILLA** — *Advertising Manager*
**MARLON BAGUS** — *Associate Editor*
**ATTY. MELANIO ‘BATAS” MAURICIO** — *Legal Counsel*

Ang ‘HANEP Basahin mo Ito’ ay inilalathala tuwing Lunes ng HANEP Publication na may tanggapan sa 049 San Antonio 1, Noveleta, Cavite
Contact Nos. 0915-1328753/ 0999-3050106
Email: **ronejed@yahoo.com/ HanepPublication@yahoo.com**



PAUNAWA: Sariling pananaw o opinyon ng mga kolumnista ang nilalaman ng kanilang mga artikulo kaya wala pong kinalaman at pananagutan dito ang pamunuan ng publication



*Member: Publishers Association of the Philippines, Inc.* papi

# CAVITE OKAYS STRICTER DOG OWNER'S RESPONSIBILITY LAW

TRECE MARTIRES CITY, Cavite – The provincial government has enacted an ordinance that regulates raising of dogs in the province, giving their owners full responsibility for any trespass, accident, harm or injury caused by their dogs.

Provincial Ordinance No. 222, which shall be known as "Dog Owners' Responsibility Ordinance in the Province of Cavite," requires enclosures or fenced-in yard for pet dogs as preventive measures against occurrence of rabies, injury, damage and other hazards in Cavite province.

The ordinance was introduced and sponsored by Philippine Councilors League (PCL) President Kerby Javier Salazar and approved by Governor Jesus Crispin Remulla last October 18. It will take effect "after its approval and compliance with the posting and publication requirements."

Under the ordinance, dog owners should ensure their dogs are securely contained within the owner's premises/ property by putting enclosures or must be in a fenced-in yard, and that dogs are securely leashed or tied whenever taken out of the owner's premises and under the supervision of a person physically capable of controlling the dog.

Dog owner-parents, who allow their child to lead a dog in public places, open spaces or open parks, alleys or streets/ roads shall assume the liability for any trespass, accident, harm or injury caused by their pets.

Owners are also required to ensure dogs are given needed immunizations and/or vaccines to prevent spread of rabies and/or similar infection; pets must registered, with license and properly tagged by the city veterinarian office and in case the dog is found at large, dog owners shall produce the immunization records of their dogs upon demand by authorized persons.

Any person found violating any provision of the ordinance will be meted with PHP2,000; PHP3,000 and PHP5,000 penalties for the first, second and third offense, respectively. *(Gladys Pino-PNA)*

## IRESPETO NATIN...

ni Jojo Demetilla



### MAGPAPASKO AT BAGONG TAON MASALIMOOT KAYA?

Bawat tao sa mundong ibabaw na ating kinalalagyan may mga pangarap din sa buhay ang bawat isat sa atin na ang ibang pangarap nakakamtan ang iba namay kabiguan sabagy ganon lang palagi ang lahat at patuloy lang ang takbo ng buhay hindi lahat ay gasiyahan minsan may kabiguan din ang nararanasan at lahat yan sapat lang na maranasan ng isang nilalang na minsa may negatibo at minsan din pasitibo akaang nakakamtan.

Halos maraming kaganapan dito sa ating bansa walang katigil tigil ang mga palabas na taong bayan ang siyang nalilito sa mga pangyayari na atingnaobserbahan sa kapaligiran. Patuloy ang paghabol ng gobyerno sa mga sindikatong involve sa droga at may mga nasasawi sa labang ito na kadalasan ay mga maliliit na sangkot sa ipinagbabawal na gamot minsan naman may mga kapulisan ang natityempuhan kung kayat na papatay sa engkwentro ng magkabilang panig.

Halos araw araw may napabalita sa ibatibang lugar na may napapatay sa droga sinasadya ba ito o nagkakataon lamang kaya may namamatay dahilan sa lumalaban sa kapulisan pwede nating sabihin natyempuhan lamang sila at isinisisi sa kapulisan kaagad ng mga kaanak ng mga namamatay na suspect. Sa totoo lang mayroon naman talagang sabwatan dito ng mga sindikato at ilang taga gobyerno at ordinaryong mamamayan na nakikinabang dito.

Mahirap ang mag pin point kung wala tayong ebidensya tulad na lamang sa nangyayaring pag kalusot ng P6.4 bilyon shabu na pinagtataluntalunan ng PDEA ng BOC na kinalaunan sa hearing ng Congreso c BOC Commissioner La pena ng custom ay nainiwala rin sa wakas na ang Magnetic Lifter na natagpuan sa cavite ay may lamang ngang shabu so halos nawala na ang agama gam ng mga mamamayan sa mga iskandalo ang tanong sino ang may kasalanan dito.

Sa pulitiko nag uumpisa na ang iba sa pangangampanya na hindi pa panahon ng kampanyahan tulad ng mga taga opposition lantaran sa Marikina ang kampanya ng grupo nila VP Robredo at mga senate candidates para sa 2019 miderm eleksyon. Ibat-ibang natutunghayan nating balita patayan sa Sagay Neg. Occ. Ng magsasaka na dinalaw naman ng Pangulong Duterte ang mga nasawi. Kakaiba talaga ang Pangulong Duter sa mga nakaraang Administrasyon at may concern ito sa mga pamilyang ng mga minasak.er sa sugar canecamp ng sagay neg. occidental.

Samot sari ang mga balita na halos hindi atin masundan ang ibang balita kay Sen. Trillanes mukhang nakakalito at nagbubunyi na ang mga tagasuporta ang Administrasyon naming naniniwalang nadedelay lang ang disisyon at makukulong rin daw itong si Trillanes dahil sa mga kasong pagkudeta na pinaniwalaan naman ng pangulo na di ito nag apply ng amnesteya kung kayat pinapaaresto ito. Saan kaya hahantong ito ang problema ni trillanes? Magpapasko at Bagong taon tigilan na natin ang kaguluhan at planong kudeta sa month of December ng CPP-NPA wag na sananng tangkilikin pa ang panan-awagan ng mga grupong ito at nakakagulo lang ito sa buhay ng taongbayan. Maging mahinahon po tayo Bagong Taong bagong buhay. Belated Hapy Birthday sa apo nating c gelo last Saturday.

Sa ating mga taga subaybay sa dyariong Hanep at taga pakinig sa Radio Bandido DZRJ 810 KHz 6:00 to 7:00 pm daily salamat po sa inyong lahat pwede kayong tumawag sa tel: 8954460/ 8978374 and text your own opinion to 09154796581 lahat ng calls ay aming pinagbibigyan phone in your calls without screening Or email : jojodemetilla@yahoo.com. And don't forget to like our page in facebook DZRJ 810 am - VOICE OF THE PHILIPPINES

**REPUBLIC OF THE PHILIPPINES**
**REGIONAL TRIAL COURT**
**OFFICE OF THE CLERK OF COURT**
**& EX-OFICIO SHERIFF**
**IMUS, CAVITE**

**BDO UNIBANK, INC.**
Mortgagee,

-versus-

**EXTRA-JUDICIAL FORECLOSURE OF REAL ESTATE MORTGAGE UNDER ACT 3135 AS AMENDED BY ACT 4118**

**F.C.CASE NO. 16524-18**

**MANUEL R. PENA,**
Mortgagor,
- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - x

**NOTICE OF EXTRA-JUDICIAL SALE**

Upon extra-judicial petition for sale under Act 3135 as amended by Act 4118 filed by **BDO UNIBANK, INC.**, Mortgagee, with principal place of business at 7899 Makati Avenue, Makati City against **MANUEL R. PENA,** mortgagor with residence and postal address at Ramon Diaz corner Mercedes Sts., Villa Corazon Subdivision, Del Rosario, Naga City or Ilang-Ilang near Don's St., Dayangdayang, Naga City, Camarines Sur or Lot 3-C along Alley Liwayway Subd., Anabu I-C,Imus, Cavite, to satisfy the mortgage indebtedness which as of August 1, 2018 amounts to **TWENTY ONE MILLION NINE HUNDRED NINETY TWO THOUSAND NINE HUNDRED FIFTY FOUR PESOS & 20/100 (Php 21,992,954.20)**, Philippine Currency including interest and penalties, but excluding attorney's fees, sheriff's fees and all other charges incidental to this foreclosure and sale, the undersigned will sell at public auction on **November 27, 2018** at 10 o'clock in the morning or soon thereafter at the main Entrance of the Office of the Clerk of Court, RTC Multiple Sala, Aguinaldo Highway, Imus, Cavite to the highest bidder, for **CASH** and in the Philippine Currency, the following property with all improvements therein, to wit:

**TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE No. 057-2016011501**

"A parcel of land (Lot 3-C, of the Subdivision Plan (LRA) Psd-398392, approved as a non-subd. project, being a portion of Lot 3, Pcs-042109-008898, L.R.C. Rec. No.8843), situated in the Barangay of Anabu Primero, Municipality of Imus, Province of Cavite, Island of Luzon. Bounded on the N., points 4 to 1 by Lot 3-B of the subd.plan; on the E., points 1 to 2 by Lot 4, Pcs-042109-008898; on the SE., pts. 2 to 3 by Lot 2883-E, (LRC) Psd-170754; and on the W., points 3 to 4 by Lot 2, Pcs-042109-008898(alley 3.00 M.Wide). x x x containing an area of **FIVE HUNDRED (500) SQUARE METERS**" **X X X**

All sealed bids must be submitted to the undersigned on the above stated time and date.

In the event the public auction should not take place on the said date, it shall be held on **December 4, 2018** at 10 o'clock in the morning without further notice.

Prospective bidders/buyers are hereby enjoyed to investigate for themselves the title to the said property and encumbrance therein if any there be.

Imus, Cavite, Philippines, **October 16, 2018**

**EMMANUELLE H. FRANCISCO**
Sheriff IV

APPROVED:

**REGALADO E. EUSEBIO**
Clerk of Court VI & Ex- Oficio Sheriff

**COPY FURNISHED:**
**BDO UNIBANK, INC.,**
7899 Makati Avenue, Makati City

**MANUEL R. PENA**
Ramon Diaz corner Mercedes Sts., Villa Corazon Subdivision,
Del Rosario, Naga City or
Ilang-Ilang near Don's St., Dayangdayang, Naga City, Camarines Sur or
Lot 3-C along Alley Liwayway Subd., Anabu I-C,Imus, Cavite,

**Publication: HANEP** October 29, November 5 and 12, 2018

# GK PROJECT FOR 120 FAMILIES BREAKS GROUND IN IMUS CITY

**IMUS CITY, Cavite — Some 120 families living in the city's hazardous and vulnerable areas, including those whose houses are made of light materials in Palico I, II and III villages here, can soon acquire a decent housing once the second phase of the city government's socialized housing is completed next year.**

City officials led by Mayor Emmanuel 'Manny' L. Maliksi and Vice-Mayor Arnel 'Ony' M. Cantimbuhan, with Gawad Kalinga (GK) provincial head Edgar Purificacion, graced the groundbreaking rites to kick off the site's land development at the housing site in Alapan II-B village on Tuesday.

The construction of 120 houses, pegged at PHP164,000 each will start upon completion of the land development, which is targeted for completion by January 2019.

Imus City first introduced the housing project (initial phase) in 2006 "to give hope and dignity to the city's underprivileged and homeless citizens through a decent home," Maliksi said.

Named "Pamayanang Gawad Kalinga sa Imus," the city government entered into an agreement, then, with the Gawad Kalinga (GK) Community Development Foundation, Inc. for the construction of 134 houses, covering some 23,633 square meters of the more than 2.5-hectare housing site.

Purificacion said the houses will be given for free but house beneficiaries must render 'sweat equity,' "meaning they need to give time and help build their house."

The Local Housing Board will prepare, validate and evaluate the final list of beneficiaries but residents of Palico I to III villages were chosen "because they live along the Imus River, which is prone to flooding, landslide, or erosion during heavy rains," city information and concurrent tourism chief Edgardo Saquilayan said.

Deck Palanca, vice president for operations of Chan C Brothers, Inc., also presented some PHP1.65 million in donation for the construction of 10 houses in Phase 2. ***(Gladys Pino-PNA)***



**HELMET**

**ni FREDDIE MANALAC**

# EDONG DIOKNO, HORSE OWNER NA MAY PUSO

**TINAGURIANG "Hari ng Baclaran"** dahil marami siyang natutulungan maliliit na negosyante sa kanyang lugar.

Bata pa si Boss Edong, tawag sa kanya ng mga kaibigan at kakilala, ay nakatuon na ang kanyang pagtulong sa kanyang kapwa.

Dahil sa kanyang kabutihan, at pagtulong sa mga lumalapit sa kanya, naging maganda ang kanyang kapalaran at biniyayaan siya ng magandang negosyo na kanyang napaunlad.

Ayon na rin sa kanyang mga kalugar, madaling lapitan at pakisamahan si Boss Edong dahil bukal sa kanya pagtulong sa mga nangangailangan sa kanyang lugar.

Mahilig din si Boss Edong sa karera ng kabayo. Noon ay libangan lang niya ang pangangarera para maibsan ang kanyang pagod dahil sa trabaho sa kanyang negosyo.

Pero nang maglaon ay nagpasya siyang magmay-ari mga ng kabayong pangarera.

Isa rin siya na tumutulong sa industriya ng karera ng kabayo. Marami na siyang naisponsoran tuwing may malalaking karera.

Sa mga sota at helper nakatuon ang binibigay niyang tulong dahil maliit lang ang kinikitang pera ng mga ito para sa pamilya.

Nagpagawa siya ng pinakamaganda at pinakagastusan kuwadra para kumportable ang mga sota, helper, ensayador at trainer niya.

Marami na rin siyang kabayong tumatakbo na makikita sa tatlong karera at ang mga ito ay nagpapanalo.

"Kung taos sa PUSO mo ang pagtulong sa kapwa, laging masaya lagi ang pakiramdam mo," sabi ni BOSS EDONG.

**OOO**

Nakausap po natin si Municipal Vice Mayor Jose D. Saavedra ng Plaridel, Quezon at lubos po siyang nagpapasalamat sa may-ari at driver UBER na kanyang nasakyan.

May tatlong linggo ng nawawala ang kanyang Apple Ipone ng isauli pa ito ng may-ari ng UBER na kanyang nasakyan.

Na tandaan ni Vice Mayor Saavedra ang celpone number ng UBER kaya agad niya itong kinontak at ng makausap niya ang may-ari ay nagpakilala siya na siya ang may-ari na naiwang celpone sa kanilang UBER.

Nakilala niya ang may-ari ng UBER na si Ms.Careen Mahigugmaon at ang driver na si Ginoong Ferdinand Jose Richel Padil alyas Macky.

Isinuli naman sa kanya ang nawawala niyang celpone.

"Sana lahat ng pub-likong sasakyan ay tularan nila ang ginawa na may-ari ng sasakyang UBER." Sabi ni Vice Mayor Jose D. Saavedra.

**OOO**

Kung maraming nahihilig tumaya sa karera ng Kabayo maraming rin nahihilig sa sabong ng manok

Sa mahihilig mag-alaga ng panabong na mga manok,puwede na kayong makabili ng murang panabong na manok sa IKARUS GAMEFARM.

Mayroon dito na Quality Cock, Imported Breed and Blood Lines winning na lahing authentic Cambodia.

Puwede ninyo tawagan si Mr. Rolyn Tesoro ang may-ari ng IKARUS GAMEFARM sa kanyang cellphone #09164385780 sa mga interesadong bumili ng manok.

**OOO**

Sa mga taong mahilig kumain ng masarap na pagkain, punta po kayo sa HILDALGO FOOD PARK na makikita sa 1844 Pilar Hidalgo Lim st.,Malate, Manila.

Sa pagitan po ito ng kalye Julio Nakpil at Remedios malapit Taft avenue.

Sa gabi ay may Piano Bar ito para sa mga mahihilig kumanta. Mayroon masasarap na alak at masasarap na pulutang na puwedeng orderin.

Pag-aari po ito ni Ginoong Bobby Velasco. Puwede po silang tawagan para sa reservation sa numero 742-9686 o sa numero 404-04-08.

REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
REGIONAL TRIAL COURT
OFFICE OF THE CLERK OF COURT
& EX-OFICIO SHERIFF
IMUS, CAVITE

HOME DEVELOPMENT MUTUAL FUND, (otherwise known as PAG-IBIG Fund)
Mortgagee,

-versus-

EXTRA-JUDICIAL FORECLOSURE OF REAL ESTATE MORTGAGE UNDER ACT 3135 AS AMENDED BY ACT 4118

F.C.CASE NO. 16465-18

ELIONEI A. PATIÑO,
Mortgagor(s),
---------------------------------- x

NOTICE OF EXTRA-JUDICIAL SALE

Upon extra-judicial petition for sale under Act 3135 as amended by Act 4118 filed by PAG-IBIG FUND or HDMF, mortgagee, with principal place of business at 12th Flr. JELP Business Solutions Center, No. 409 Shaw Blvd. Mandaluyong City against ELIONEI A. PATIÑO, mortgagor with residence and postal address at #9108 BE A.C. Mercado St., Wawa 1, Rosario, Cavite or Lot 48, Blk. 8, Phase 2, Greenplace Homes 2, Malagasang II-A, Imus, Cavite to satisfy the mortgage indebtedness which as of June 22, 2018 amounts to SEVEN HUNDRED SEVENTY SEVEN THOUSAND SIX HUNDRED THIRTY FOUR PESOS & 84/100 (Php 777,634.84), Philippines Currency including interest and penalties, but excluding attorney's fees, sheriff's fees and all other charges incidental to this foreclosure and sale the, undersigned will sell at public auction on November 20, 2018 at 10:00 o'clock in the morning or soon thereafter at the main Entrance of the Office of the Clerk of Court, RTC Multiple Sala, Aguinaldo Highway, Imus, Cavite to the highest bidder, for CASH and in Philippine Currency, the following property with all improvements therein, to wit:

TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE No. 057-2015053633

"A parcel of land (Lot 48, Blk. 8, of the subd. plan, Pcs-04-024955, being a portion of the cons. of Lots 1846-A, Psd-28429 & 1845-A-2, (LRC) Psd-223425, L.R.C. Record No. 8843) situated in Brgy. of Malagasang -2,Imus,Prov. of Cavite, Is. of Luzon. Bounded on th NE., along line 1-2 by Lot 46, Blk. 8; on the SE., along line 2-3 by Road Lot 10, on the SW., along line 3-4 by Lot 5,Blk.8, and on the NW along line 4-1 by Lot 47, Blk. 8 all of the cons. and subd. plan x x x containing an area of THIRTY SIX (36) SQUARE METERS"

All sealed bids must be submitted to the undersigned on the above stated time and date.

In the event the public auction should not take place on the said date, it shall be held on November 27, 2018 at 10:00 o'clock in the morning without further notice.

Prospective bidders/buyers are hereby enjoined to investigate for themselves the title to the said property and encumbrance therein if any there be.

Imus, Cavite, Philippines, October 11, 2018.

EMMANUELLE H. FRANCISCO
Sheriff IV

APPROVED:
REGALADO E. EUSEBIO
Clerk of Court VI & Ex- Oficio
Sheriff

COPY FURNISHED:
HOME DEVELOPMENT MUTUAL FUND
12th Flr. JELP Business Solution Center
No. 409 Shaw Blvd., Mandaluyong City

ELIONEI A. PATIÑO
#9108 BE A.C. Mercado St., Wawa 1, Rosario, Cavite or
Lot 48, Blk. 8, Phase 2, Greenplace Homes 2, Malagasang II-A, Imus, Cavite

Publication: HANEP October 22, 29 and November 5, 2018

REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
REGIONAL TRIAL COURT
OFFICE OF THE CLERK OF COURT
& EX-OFICIO SHERIFF
IMUS, CAVITE

NATIONAL HOME MORTGAGE FINANCE CORPORATION
Mortgagee/Assignee,

-versus-

EXTRA-JUDICIAL FORECLOSURE OF REAL ESTATE MORTGAGE UNDER ACT 3135 AS AMENDED BY ACT 4118

F.C.CASE NO. 16501-18

EUDOXIA AY-AD,
Mortgagor(s),
---------------------------------- x

NOTICE OF EXTRA-JUDICIAL SALE

Upon extra-judicial petition for sale under Act 3135 as amended by Act 4118 filed by NATIONAL HOME MORTGAGE FINANCE CORPORATION (NHMFC), Mortgagee/Assignee, with principal place of business at 7/F Filomena Bldg., 104 Amorsolo St., Legaspi Village, Makati City against EUDOXIA AY-AD, mortgagor with residence and postal address at Lot 31, Blk.7, CH-Barcelona II, Bo. Tanzang Luma, Imus, Cavite to satisfy the mortgage indebtedness which as of May 31, 2018 amounts to ONE MILLION TWO HUNDRED SEVENTY EIGHT THOUSAND FIVE HUNDRED EIGHTY SIX PESOS & 88/100 (Php 1,278,586.88), Philippine Currency including interest and penalties attorney's fees, sheriff's fees and all other charges incidental to this foreclosure and sale the undersigned will sell at public auction on NOVEMBER 23, 2018 at 10:00 A.M. or soon thereafter at the main Entrance of the Office of the Clerk of Court, RTC Multiple Sala, Aguinaldo Highway, Imus, Cavite to the highest bidder, for CASH and in the Philippine Currency, the following property with all improvements therein, to wit:

TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE NO. T-501431

"A parcel of land (Lot 31, Blk.7 of the subd. plan, Psd-042109-062795, being a portion of Lot 508, Imus Estate, L.R.C. Rec. No. 8843), situated in the Bo. of Tanzang Luma, Mun. of Imus, Prov. of Cavite, Bounded on the NW., along line 1-2 by Lot 29, Blk.7; on the NE, along line 2-3 by Rd.Lot6, on the SE., along line 3-4 by Lot 33, Blk.7; on the SW., along line 4-1 by Lot 30, Blk.7, all of the cons-subd. plan x x x containing an area of FIFTY (50) SQUARE METERS" x x x

All sealed bids must be submitted to the undersigned on the above stated time and date.

In the event the public auction should not take place on the said date, it shall be held on NOVEMBER 30, 2018 at 10:00 A.M. without further notice.

Prospective bidders/buyers are hereby enjoyed to investigate for themselves the title to the said property and encumbrance therein if any there be.

Imus, Cavite, Philippines, October 9, 2018

WILMAR M. DE VILLA
Sheriff IV

APPROVED:
REGALADO E. EUSEBIO
Clerk of Court VI & Ex- Oficio
Sheriff

COPY FURNISHED:
NATIONAL HOME MORTGAGE FINANCE CORPORATION
5/F Filomena Bldg., 104 Amorsolo St.
Makati City 1200

EUDOXIA AY-AD
1st Simplicio Cruz Compound, Sucat, Parañaque City and/or
Lot 31, Blk.7, CH-Barcelona II, Bo. Tanzang Luma, Imus, Cavite

Publication: HANEP October 22, 29 and November 5, 2018

# ERRATUM

**This is to correct the entry made in the Extra-Judicial Sale of Arjay Chester S. Morabe read as RS-04-00439 but should be read as RS-04-004439. Published last August 6, 13 and 20, 2018**

**HANEP October 29, 2018**

# Thailand Pattaya Youth Chess Championship 2018:PH chess wizard Clark Jemuel Cabatian papalapit sa titulo

**NAKIPAGHATIAN ng puntos si Filipino chess wizard Clark Jemuel Cabatian kontra kay Sasinat Tawankanjana ng Thailand sa seventh round bago talunin si Daniel Jueun Hyun ng Korea sa eight at penultimate round para makalapit sa pinaka-aasam asam na titulo sa tinampukang Thailand Pattaya Youth Chess Championship 2018 Martes, Oktubre 23, 2018 na ginanap sa Bay Beach Resort Pattaya, Banglamung, Chin Buried, Thailand.**

Ang 8 years old Cabatian, grade 3 pupil ng John Isabel Learning Center sa General Trias City, Cavite na suportado ang kanyang kampanya niya dito ng local government ng General Trias City, Cavite sa pangunguna nina Mayor Antonio "Ony" Ferrer at Congressman Luis "Jon-jon" Ferrer ay tuloy-tuloy ang pagragasa subalit pansamantalang nahinto matapos matalo kontra kay Rafael Gueta ng Thailand sa sixth round.

Una dito ay nakakitaan ng husay si Cabatian sa pagkamada ng panalo kontra sa kababayang si Kezia Ruth Liboon ng Pilipinas sa first round, kay Vihaan Anup Kumar ng Australia sa second round, kay Gantulga Ariun-Erdene ng Mongolia sa third round, kay Jirath Punyanitya ng Thailand sa fourth round at kay Purichaya Chinkulkitniwat ng Thailand sa fifth round.

Overall, ang prize fighter ng General Trias City Chess Club na nasa kandili ni PH coach Ederwin Estavillo ay may 6.5 puntos sa Under 8 division. Makakalaban ni Cabatian sa ninth-round assignment ay si Thunpisit Pa-In ng Thailand.

Sa Under 12 division ay nakipag draw si Gio Troy Ventura ng Dasmariñas City, Cavite kontra kay Relghie Columna ng General Trias City, Cavite para manatili sa ituktok ng liderato kasama si Arena International Master (AIM) Bhattacherjee Aayush ng India.

Dahil sa tabla ay nakamit ni Ventura ang 7 puntos na kaparehas naman na naitala ni Aayush matapos naman daigin si Geraldine Mae Camarines ng General Trias City, Cavite.

Nakabuntot naman kina Ventura at Aayush na may tig anim na puntos ay sina Josh Edmar Osorio Castro at Earl Siegfrid Sta. Maria ng General Trias City, Cavite habang naitarak naman ni Columna ang 5.5 puntos at makasama sina Kai Saipetch ng Thailand at Sai Han Thiha ng Myanmar.

Ang iba pang Filipino woodpushers na nasa kontensiyon sa top 10 finish na may tig 5 puntos ay sina Bonjoure Fille Suyamin , Adrian Klein Cantomayor, Geraldine Mae Camarines at Jirah Floravie Cutiyog ng General Trias City, Cavite.

Kumpiyansa si PH coach Ederwin Estavillo na presidente din ng General Trias City Chess Club na mag-uuwi ng medalya ang Philippine youth team. 'We hope our youth team play better in the ninth and final round and can win a medals for the country ." sabi ni PH coach Estavillo.

Ang Head of Delegation ay si Ms. Baby Lyn Kempiz ng City Mayor's Office ng General Trias, Cavite.

Sila ay sinuportahan ng local government ng General Trias City, Cavite sa pangunguna nina Mayor Antonio "Ony" Ferrer at Congressman Luis "Jon-jon" Ferrer. sa nasabing delegation ay inendorso ng National Chess Federation of the Philippines thru FA Red Dumuk, ang NCFP Executive Director sa Philippine Sports Commission **(Marlon Bernardino)**



**ALASKA VS BLACKWATER** - PANIGURADONG pasok na pag basket ni Alaska forward Vic Manuel na hindi naman napigilan sa depensa ng katunggaling si Allein Maliksi ng Blackwater habang nasa kasagsagan ng kanilang aksyon sa 2018 PBA Governors Cup sa Smart Araneta Coliseum. tinambakan ng Gatas ang Elite sa iskor na 116 – 109 **(RGN)**

# Gamuac wagi kay Gregorio

NAGPATULOY ang pananalasa ni Gerome Gamuac sa 7th annual J&P 10-Ball Cup Championships matapos manaig kontra kay Geona Kristine Gregorio, 7-3, na ginanap sa Superbowl Makati Cinema Square sa Makati City.

Si Gregorio ay finacee ni International Billiards Champion at national team member Johann Chua.

Sa iba pang kaganapan ay kinaldag ni Miko Sison si Christian Mabini, 7-3, nakaungos si Noel Fantilanan kontra kay Cheward Bonode, 7-4, binigo ni Noel Cruz si Nino Crisostomo, 7-3, angat naman si Edwin Reyes kontra kay Arnold Vasquez, 7-6, panalo si Anthony Capco kontra kay Red Ronquillo, 7-5, at diniskaril naman ni Nelson Salvanera si Jhonsel Sasil 7-5, sa event na pinangasiwaan ni tournament director Allan Soliman na may total prize fund P100,000 kung saan ang P40,000 plus elegant trophy ay maiuuwi ng magkakampeon.

"Another succesful year for J&P 10 BALL CUP on it's 7th strong year with a total of 161 amateur pool players participated with breakdown of players on the four ( 4 ) division/category level. (Class O, 42), (Class A, 33), (Class B, 50) and Class C, 36)." sabi ni DMC Entertainment at Production management boss Jesse Gonzales Cambosa Sr., na nag-organisa ng nasabing taunang 10-ball tournament kasama si long-time billiards patron sportsman/businessman Aristeo "Putch" Puyat na suportado ng MAPPA (Makati Pool Players Association) at ng Puyat Sports na nilahukan ng 161 pool players.

Una ng nagwagi si defending champion engineer Vergel Recaido, presidente ng Copper Electronics Expertise, Inc., kontra kina Momer Meteoro, 7-4, at Elman "Aris" Sacayanan, 7-2, para makausad sa susunod na round sa double elimination, winner's break format. **(Marlon Bernardino)**



**JING JOMLANG -** MAY pinupunto si Kaya Football Club Iloilo media officer Jing Jamlang (gitna) kugnay ng magaganap na inaugural Copa Paulino Alcantara finals na itinakda ngayong Oktubre 27 sa Rizal Memorial Football Stadium. habang nakikinig sina (L-R) Davao Aguilas FC media officer Darrell Cheng at Liga Futbol, Inc, media officer Nevin Reyes sa Philippine Sportswriters Association Forum sa Tapa King Restaurant sa Cubao, Quezon City. **(RGN)**

# HANEP SPORTS



**EDITOR: Mary Austine V. Nillama**
Email add: hanepsports 2017@gmail.com

# BUHAY-KARERA



MARLON BAGUS
0999-7060160
email: champ22mb@gmail.com

## LOW KEY, NAKARAOS. SUPERAL, RUMEMATE

Nakaraos ang kalahok na kabayong si Low Key matapos na naipakita ni Jeff Bacaycay ang kanyang husay sa pananakay matapos na sa loob na lamang ng huling 100 metro naagaw ang unahan hanggang sa makatawid sa meta. Sorpresang nasegunda ang dehadong si Winning Move na tila napasubo na lamang at wala nang magawa ang sumakay sa kanya na si Totoy Cabarrios Jr. dahil makikita na bago pa man dumating sa huling kurbada ay tanging siya na lamang ang nakapirmis sa ibabaw kumpara sa iba pang mga hinete sa karerang iyan. Kaya sa susunod na pagtakbo ni Winning Move ay agad na nating tayaan at isama sa listahan. Sa karerang iyan ay nasilip din natin sina Happy Maggie na tila mailap sa laban habang may katabi at malakasan ang ayre, hindi naman nakontrol ang kabayong si Okanemutzu sa pag padpad sa ultimo kuwartos ng bakbakan at magandang nasilip din ang isa pang dehado na si Lucky Julliane na kahit nakalaylay lang ang renda ay pilit na sumasama sa takbuhan na kung talagang natulungan ay baka hindi lang pang-apat ang naging puwesto sa datingan. Samantala naparemate ni Sadam Pilapil ang kalahok na si Superal matapos na maipang-lutsa sa harapan ang stable mate niyang si Indiana Sky sa mga bumandera. Malaki rin sana ang panalo ng kalaban nilang si Avenue Shopper na nasalto lang sa huling diretsahan mula sa may gawing medyo loob ay tsaka pa lamang naikambiyo ni Christian Pilapil palabas sa ika-apat na hanay at nung nakasilip ng butas sa labas ay kapirasong distansiya na lamang ang nalalabi dahil pameta na nga si Superal. Ang mga nasilip natin diyan na tila bitin ang pagdadalang nagawa nung mga nakasakay kina Total Defiance at Nicole Toys. Si Holy Bullea naman na nasilip sa bentahan ay hindi lang nailagay at naipatakbo sa paborito niyang lugar sa may tabing balya, kaya bawi na lamang sa susunod.



**YOG -** ANG Youth Olympic Games Silver Medalist ng Kiteboarding na napapagitnaan si Christian Tio kasama ang kanyang Ina, PSC Commissioners Celia Kiram at Arnold Agustin , YOG Chef de Mission Jonne Go kaugnay sa pagbibigay pugay at pag kilala sa karangalan ng bansa ng ganapin ang pagpupulong sa Rizal Memorial Sports Complex. **(RGN)**

# PEKENG ENFORCER, NAPERDER




**ARESTADO** sa isinagawang entrapment operation ng mga tauhan ni MPD PS4 commander Supt Andrew Aguirre at MTPB Anti Iskalawag Unit/Internal Affirs Div Mark Urieta ang suspek na si Mark Arquero na isang ex-enforcer na patuloy na nagpapanggap na MTPB makaraang ireklamo ng kasong pangongotong sa kahabaan ng Lacson Ave., Sampaloc, Maynila. **(BRIAN BILASANO)**

**ARESTADO ang isang dating tauhan ng Manila Traffic and Parking Bureau (MTPB) makaraang mangotong sa isang driver sa Lacson Ave. sa Sampaloc, Maynila.**

Ayon kay Manila Police District -Police Station 4 commander Supt Andrew Aguirre, nakilala ang suspek na si Mark Leonard Arquero, nasa hustong edad, matapos siyang arestuhin ng mga pulis na tinanong pa niya kung mga lehitimong pulis.

Base sa ulat nalaman na dating miyembro ng MTPB sa Arquero pero nadismiss sa tungkulin noong 2016 dahil sa kaparehas na reklamong extortion.

Nang maaresto dakong alas 9 ng gabi nakasuot pa ng kumpletong uniporme ng MTPB ang suspek sa nabanggit na lugar.

Batay naman kay Mark Urieta, hepe ng Anti-Iskalawag and Internal Affairs Division ng MTPB, modus operandi ni Arquero na basahan ng iba't ibang violations ang mga sinisita nitong motorista tulad ng swerving at beating the red light.

Kalimitan hinihingan umano nito ang kanyang biniktima ng hanggang P8,000 areglo at pinagbabantaan pa ang mga driver na i-impound ang kanilang sasakyan.

Itinanggi naman ni Arquero ang alegasyon laban sa kanya at isa umano siyang volunteer traffic enforcer at mga kaibigan umano niya ang mga driver at kusang loob ang ibinibigay na pera sa kanya.

Nahaharap sa kasong extortion ang suspek. **(BRIAN BILASANO)**



Nagpakuha ng larawan ang dalawang panauhin sa Balitaan sa Maynila Forum na sina dating DILG Secretary Rafael Alunan (pangalawa mula sa kanan) na tatakbong Senador sa partidong Bagumbayan at Alan Tanjusay ng Trade Union Congress of the Phils. (nasa kanan larawan). Nasa larawan din sina Mr. Lucito "Chito" B. Chavez, Vice President ng Philippine Federation Of Bakers Association.Inc. at ang dalawang host ng Balitaan sa Maynila na sina Mr. Dave Veridiano at Mr. Angelo Almonte. **(FREDDIE M. MANALAC)**



Nagpakuha ng souvenir photo si Elclaro Luis Chavez, Operations Manager ng Bean Belt Coffee (kaliwa) kasama sina dating DILG Secretary Rafael Alunan at Mr. Alan Tanjusay ng Trade Union Congress of the Phlippines sa Balitaan sa Maynila.**(FREDDIE M. MANALAC)**

## USAP LANG

JUNE BILLONES
0929-8127638

## Tamang aksiyon lang po Gov. Boying

ISANG ordinansa ang inaprubahan at nilagdaan kamakailan ni Cavite Governor Boying Remulla.

Ito ay ang Provincial Ordinance No. 222, o mas kilala bilang "Dog Owners' Responsibility Ordinance in the Province of Cavite."

May malaking pananagutan o responsibilidad ang mga nagmamay-ari ng kanilang aso.

Dapat ang mga aso ay nasa loob ng kanilang bakuran o bahay at kailangang nakatali kung ito man ay ilalabas.

Igala po ninyo ang inyong paningin, saan man sulok o kaliwa't kanan ay makakakita ka ng gumagalang aso sa kalsada.

Ang tanong, kanino ang mga iyon o sino ang nagmamay-ari sa mga galang aso?

Sa batas o ordinansa bang ito ay magkakaroon na kaya ng kasagutan ang problema tungkol sa mga asong gumagalagala?

Kung tutuusin kahit walang batas o ordinansa ay may solusyon ito.

Pakilusin lamang ng bawat lokal na pamahalaan ang kanilang mga barangay na nasasakupan hinggil dito.

Sa bawat barangay lamang ay magagawaan na ito ng katugunan.

Ang tanong ay kung sisiluhin o huhulihin ang mga gumagalang aso ay saan naman dadalhin ang mga ito?

Matutukoy naman kaya kung kani-kanino ang mga asong mahuhuli sa kalsada?

Kapag ang aso ang nakadisgrasya ay walang aamin na siya ang may-ari.

Kapag ang aso naman ang nadisgrasya ay mabilis pa sa alas kwatro na lilitaw ang may-ari.

Gov. Remulla, mas epektibo sana kung aatasan ang mga alkalde at ang mga mayor naman ay ang mag-uutos sa lahat ng barangay.

Hindi na siguro kailangan pa ang batas o ordinansang ito, tamang aksiyon lamang po Gov. Boying.




**TAGUMPAY** ang isinagawang simultaneous MEDIA Fun Shoot mula Metro Manila , Cebu at Davao, sa pangunguna ni USEC Joel SY EGCO ng Presidential Task Force on Media Security kasama sina Raoul Esperas ng DWIZ, Jerry Bajah ng DZMM, Carlo Mateo , Orly Trinidad DZBB ,Angelo Almonte DZRJ, Lily Reyes REMATE, Mores Heramis ABS CBN, Eric Dastas, kasama sina Gen. Val De Leon, Fire Arms and Explosive Division, (FEO) mga representative nila PNP Chief. Oscar Albay Alde , NCRPO Chief. Guillermo Eleazar , QCPD Director Joyet Esquivel, mga MEDIA PRACTIONER sa Metro Manila at ang pamilya. Kasabay ng event ang pamimigay ng MEDIA HANDBOOK mula sa PTFOM's . **(Christian Heramis)**

# JESSY MENDIOLA, MAY LIMITASYON NA

NAKAKATUWA o nakakaloka ba itong napabalita na tila may limitasyon na si Jessy Mendiola.

Hindi ba at may apela ang aktres para sa kanyang mga kaibigang lalaki.

Idinaan ng aktres ang panawagan sa pamamagitan ng kanyang Instagram.

Ang request ni Jessy sa mga friend na boys ay may kinalaman sa picture taking.

Sakaling magpapakuha sa kanya ng litrato ay huwag ng hahawakan ang kanyang baywang.

Iyan ang kanyang rekwes sa mga kaibigang boys, meaning may limitasyon na.

Kung dati-rati ay pupuwede ang ganong pagpapapiktyur, pwes from now on ay never na.

Bakit? Anong rason niya? Well, hindi naman idinetelaye ng aktres ang kanyang dahilan.

Kung ano man ang dahilan ni Jessy ay siya na lamang ang nakakaalam.

Then, irespeto na lamang po natin kung bakit niya iyong ginawa.

Pero ang limitasyong iyon ay maaari rin namang maisantabi basta nasa maayos na pag-uusap lamang.

Pupuwede namang makapagpa-picture ang kanyang mga kaibigang lalaki na nakahawak sa baywang niya.

Basta uunahan lamang o kailangang maayos na ipagpapaalam sa aktres.

Para kasi kay Jessy, ang biglaang paghawak sa baywang while on picture taking ay mistulang nakakabastos.

Ganoon!

Wala namang nababanggit o tinutukoy ang aktres kung sino ang guy na iyon.

15

Alam naman natin na si Jessy ay itinuring na sexiest woman ng bansa ng isang men's magazine noong 2016.

Ano naman kaya ang say rito ng boyfriend ng aktres na si Luis Manzano?

HANEP SHOWBIZ



# Pahiram ng Oras

ni Ate Josie

**(ika- 88 labas)**

NAGSASALITA na sa entablado si Kardo at talagang sanay na sanay na siya sa pakikiharap sa napakaraming tao.

Walang ano mang pangako na namumutawi mula sa kanyang mga labi.

Sa halip ay iniisa-isa lamang ni Kardo ang kanyang mga binabalak na programa.

"Maganda 'yan , mabuhay ka Konsehal Kardo. Pabor kami sa mga programa mo."

Hindi lang basta nagpapalakpakan bagkus ay naghihiyawan pa ang mga tao.

"Nararapat lamang po naman talaga na mabigyan ng tamang proteksiyon ang mga bata o kabataan pati na ang kababaihan."

Hindi alam ni Kardo kung bakit o paanong nabanggit niya ang proyekto na may kaugnayan sa kababaihan at kabataan.

Okey lang kung para sa mga bata o kabataan subalit hindi para sa mga babae.

Tila nakakalimot si Kardo sa mga sandaling iyon na kabilang siya sa may nagawang kasalanan o pagkakamali sa isang babae.

Pumasok siya sa pakikipagrelasyon kay Lyka na noong una ay tila palipas oras lamang.

Sa mga paglipas ng araw o panahon ay nagbunga ang maling relasyon niya kay Lyka.

Dumating na nga sa punto na ang oras ni Kardo na para lamang dapat kay Inday at sa anak nila ay nahihiram ni Lyka lalo at may anak na rin siya roon.

Pagkatapos ngayon sa ibabaw ng stage ay buong pagmamalaki si Kardo na bibigyan niya ang mga kababaihan ng proteksiyon laban sa pananamantala o pangaabuso.

Ang mga kababaihan lalo na ang mga ginang na walang tigil sa pagpalakpak ay walang kamalay-malay na ang hinahangan nilang si Kardo ay may bahid ng kasalanan.

Ang mga alibi o pagsisinungaling ni Kardo kay Inday ay mistulang nagagamit na niya sa pakikiharap at pakikipagusap sa ibang tao.

Mahusay na talagang mambola si Kardo na sumisimbolo sa ilang pulitiko.

Napapangiti si Kardo habang nagtatalumpati dahil nakikita niya ang mainit na pagtanggap sa kanya ng mga tao.

Medyo nakakaramdam si Kardo ng malaking pag-asa na makakalusot sa konseho.

"Konsi Kardo…'Konsi Kardo…"

(Itutuloy)

# MANANANGGOL

Sa panulat ni Kuya Arman

**(ika-87 labas)**

HINDI na interesado pa si Caloy sa pagbabasa ng dokumento na ibinigay sa kanya ni Dagul.

Basta siya ay pipirma na lamang agad-agad dahil sa paniwalang matutulungan siya ni Dagul pagkatapos ng ginawa niyang pangungumpisal.

Sa pagbalik ni Dagul sa piitan ay may inihanda na siyang papeles na kailangang mapirmahan ni Caloy.

Pero bago ginawa ni Dagul ang dokumento ay muli muna siyang nagsaliksik.

"Kumusta naman po s'ya 'dok? Ano na po ang lagay n'ya? Makaka-recover pa ba s'ya?"

Tama ang mga paglalahad ni Caloy kay Dagul tungkol kay Aling Tita.

Natagpuan ni Dagul ang kinaroroonan ni Aling Tita subalit hindi naman niya nakakausap.

Malakas si Aling Tita, nakakalakad at maayos na nakakakilos.

Gayunman ay hindi nakakausap nang matino dahil tinakasan siya ng sariling bait.

Sa isang mental institution natagpuan ni Dagul si Aling Tita batay sa pagtatapat ni Caloy.

Nahahabag si Dagul sa nakitang kalagayan ng kanyang itinuturing na inainahan pati na ng dalawang nakababtang kapatid niya.

Gayunman ay masaya naman si Dagul dahil kahit paano ay buhay si Aling Tita.

Ang matinding katanungan nga lamang ay kung magbabalik pa ang katinuan ni Aling Tita.

Kaya naman sunudsunod ang pag-uusisa ni Dagul sa doctor para sa kalagayan ni Aling Tita.

"Heto na po 'atorni, napirmahan ko na po. Paano na ang kasunod 'atorni, kelan po ako makakalabas dito?"

Naantala ang pagbabalik alaala ni Dagul nang kausapin siya ni Calot at iabot ang pepeles na pinirmahan.

"Talaga kuya? Napakagandang balita n'yan kuya, nasasabik na kaming muling makita si auntie."

Kaagad din namang ibinalita ni Dagul kina Jerome at Bert ang tungkol kay Aling Tita kaya labis ang tuwa ng kanyang dalawang kapatid.

"Kailangang-kailangan tayo ni auntie, dapat ay palagi o regular tayo na pupuntahan siya."

(Sundan)

# JAMS TOP MODEL 2018 ...




## 2 kids to beat in modelling tilt

Watch out for these two smart and little, but cute siblings — Kenzo Angelo Carnazo, 9, and Nazrene Angela Carnazo, 7.

These two kids will showcase their talents and skills in the "JAMS TOP MODEL 2018", the first and biggest modelling competition in the country.

The Grand Gala will be held at the Mall of Asia Arena, Pasay City on November 19, 2018. The event will be hosted by actress/model Dianne Medina.

Kenzo and Nazrene, who are both first timers in this kind of competition but we can already see their potentials at their early age, they are from Barangay San Isidro and will represent the Lungsod ng ParanaqueCity of Parañaque, Metro Manila as well as their school, the Betty's Vermillion Academy, Sucat, Paranaque campus.

The kids will compete together with three other aspiring models. The two will vie for championship under Category 1. There are three categories in the competition. Category1 (6-9 y.o.), Category2 (10-15y.o.), Category3 (16-25 y.o.). Each category has 100 participants to the competition.

Some of the participants are already title holders in different competitions at the local level. We are very grateful to JAMS ARTIST PRODUCTIONS headed by CEO/President Ms. Maricar Moina and Mr. Jojo Flores for organizing this special event.

You are encouraging all aspiring models like Kenzo and Nazrene to turn their dreams into reality. For ticket reservations to watch @ MOA Arena on Nov.19, 2018, you may call or text: 09154328930 / 09493575132.

# 2 MIYEMBRO NG GUNRUNNING SYNDICATE SA CAVITE, TIKLO

**ARESTADO ang dalawang kalalakihan na miyembro ng gunrunning syndicate sa Cavite sa aktong nagbebenta ng baril sa Gen. Mariano Alvarez, Cavite.**

Hawak ngayon ng Silang Municipal Police Station ang mga suspek na si Vincent del Rosario, alias Bino, 26 ng Block 33 Lot 9 Brgy. Maderan, GMA; at Mark Anthony Dimaandal, alias Mac, 29, ng 1075 Aliswag compound, Brgy. Sampaloc III Dasmarinas City, habang pinaghahanap pa ang isang nakatakas na kasamahan nila.

Sa report ni Police Chief Insp Romulo dela Rea, chief of police ng Silang Municipal Police Station, dakong alas-6:30 ng gabi nang naaresto ang mga suspek sa isang entrapment operation sa Brgy Lumbreras.

Nauna rito, ikinasa ng Silang MPS ang isang entrapment operation laban sa mga suspek kung saan ibinenta sa isang police buyer ang dalawang pirasong baril na nagkakahalaga ng P60,000 na nagresulta sa kanilang pagkakaaresto.

Narekober sa mga suspek ang isang kalibre 45 at kalibre .9mm, mga bala, marken money na P60,000 at isang Mitsubishi Adventure (ZGF 155) na ginagamit nila sa kanilang transaksiyon .**GENE ADSUARA**




**SHOWING LOVE AND CARE FOR CAVITEÑO ELDERLIES:** Aimed in honoring the elders and embracing their rights, the Provincial Government of Cavite (PGC) through the Provincial Social Welfare and Development Office (PSWDO) in collaboration with the Provincial Health Office (PHO) spearheaded a simple event for the annual nationwide observance of Elderly Filipino Week (EFW) held at the SM City Trece Martires Events Center on October 19, 2018. Under the theme, "Kilalanin at Parangalan: Tagasulong ng Karapatan ng Nakatatanda Tungo sa Lipunang Mapagkalinga," fifty-one (51) centenarians took center stage and were awarded certificates of recognition plus Php 50,000.00 cash incentives from PGC for their valuable contribution to the community. Board Members Reinalyn Varias and Homer Saquilayan, who both acknowledged the important roles of senior citizens in nation-building, led the ceremony and took the opportunity to mingle with the elderlies. The province of Cavite has more than 170,000 number of senior citizens to be given the respect, care and love they deserved for being one of the foundations of society. Other guests who attended the celebration were Provincial Health Officer Dr. Gilbert Ilog, PSWDO head Fely Servañez, Provincial General Services Officer Ferdinand Belamide, and Office of the Senior Citizens Affairs-Cavite President Ciriaco Angeles along with other city/ municipal OSCA presidents. **(PICAD)**




**MEDICAL AND DENTAL MISSION ON PRISON AWARENESS MONTH 2018:** As part of the celebration of the National Correctional Consciousness Week, a medical and dental mission was conducted on October 24, 2018 at Tagaytay City Jail thru the collaborative efforts of the provincial government of Cavite, the Rotary Club of Cavite Aguinaldo and the Focolare Movement Youth for a United World. City Jail Warden JSInsp Aris Villaester thanked Governor Boying Remulla for always sponsoring the medicines and providing them medical experts from the Provincial Health Office who have thoroughly checked the health condition of almost 300 inmates inside the facility. The jail warden also took the opportunity to express his appreciation on behalf of the people behind bars to all the volunteers who fearlessly lend their time and skills in order to touch lives and make a difference, most importantly to Ret. Judge Ma. Victoria N. Cupin-Tesorero, the coordinator of Prison Ministry and Ina ng Laging Saklolo Parish-Tagaytay City. —**(PICAD)**




**COOP RUN AND ZUMBA:** Cooperative members from different cities and municipalities in Cavite took part in the Fun Run and Zumba initiated by the Provincial Cooperative, Livelihood and Entrepreneurial Development Office as part of the Cooperative Month Celebration held at the District Mall in the City of Imus on October 21, 2018. The proceeds of the 5-kilometer run which started from the District Mall will be allocated for the Community Outreach Program of the Provincial Cooperative Development Council (PCDC). From 300 participants who joined the fun run, Mr. Resty Vargas of Bukluran MPC emerged as the first prize winner while Mr. Dan Paulo Camaña of Ana Deco Cooperative and Mr. Paul Victor Buena of Bukluran MPC bagged the second and third prizes respectively. Winners have been given cash prizes, medals and trophies.Supervising Cooperative Development Specialist Atty. Khervy B. Reyes and officers of the PCDC were also present to support the event.—(**PICAD**)

CLASSIFIED ADS

JOJO DEMETILLA
*Advertising Manager*
*0929-2415793*

**Upholstery**
**0947-3254064**
**Look for Rommel**


**B3W Motor Shop**
**(Maayos na serbisyo sa mababang presyo)**
**Ligtong 3, Rosario, Cavite**

**Tata Ver's Family KTV(TVFK)**
**Home of exotic pulutan**
**Located at 1337 Juan Luna St. corner Perla st.,Tondo Manila**

**MANS ALTERATION-TAILORING**
**Located at Town Plaza**
**Noveleta,Cavite**

**SOUTH STAR PRINT CENTER**
**Alima, City of Bacoor, Cavite**
**Accepts: offset, letterpress, riso, pvc ID, all kinds of office forms.**
**We also buy and sell all kinds of printing machineries**
**Contact: (046) 434-6167**
**Cell: 0916-5397268/ 0918-6174067**

# CROSSWORD




**PAHALANG**

1 Kagalingan sa sakit
6 Ginamitan ng basahan o panyo
11 Sabi nila
12 Animo
13 Nauukol sa iyong sarili
14 Agwat
16 Simbolo ng arsenic
17 Kahol ng tuta
18 Direktor na Esteban
19 Jet ng martial arts
20 Bihasa
22 Uklo
25 Magalang na sagot
26 Simbolo ng sodium
27 Tira
29 Ilista
32 Kasama sa pananalita ng Batangueno
33 At saka
35 Type ng dugo
36 Huni ng paniki
37 Damdam
38 Maria; daglat
39 Taong relihiyoso
41 Bako
44 Lilim
45 Kaya sumama

**PABABA**

1 Taglay ni Hercules
2 Ibinibigay sa nagkasala
3 Simbolo ng nickel
4 Direktor Tantay
5 Pugad ng ibon
6 Hindi maarte sa katawan
7 Primera
8 Nora Aunor
9 Sapantaha
10 Tika
15 Pangatnig
18 Tuwad
21 New Peoples Army
23 Hindi marami
24 Ingay n tupa
27 Titulo ng maharlika
28 Ihampas
29 Lagyan ng lubid ang mga kamay
30 Puyat
31 Halamang kamukha ng saging
32 Guho
34 Sabaw ng sinaing
37 Palayaw ni Danilo
40 Pantukoy
42 United Nations
43 Simbolo ng Barium




**PAHALANG**

1 Nanginginig sa labanan
5 Sangkap ng tagumpay
10 Nasa bulok na tinapay
11 Maligaya
12 ___ Mineo
14 Alituntunin
15 Ben Hur __
17 Tawag sa ama
18 Minister ng simbahan
19 Balubad
21 Sakmal
24 Huli
25 Kung
27 Kurso sa kolehiyo
29 Papel na makintab ang ibabaw
30 Indak
33 Palayaw ni Napoleon
34 Panimpla sa halo-halo
35 Uri ng isda
36 Bakas ng sugat
37 Pinatuyong ubas

**PABABA**

1 Hinihingi ng may sakit
2 Sumama sa kasal
3 Hiwalay
4 Simbolo ng silver
5 Araw na walang pasok; daglat
6 Itugon
7 Kit ___
8 Sitaw
9 Siyudad sa NCR
13 Ingay ng palaka
16 Salba
20 Husto
21 Agad
22 Ubaya
23 Lasa ng pagkain
25 Di na pwedeng kainin
26 Ginagawa sa hinog na palay
28 Alak sa tubo
31 __ Bryner
32 Templo sa Cambodia
35 Bayani Agbayani





**Sagot sa nakaraan:**

| | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| B | A | Y | A | D | | P | U | L | I | S |
| A | B | A | L | A | | U | L | A | L | O |
| T | A | K | A | M | | L | O | K | A | L |
| A | K | A | | A | P | A | | A | Y | A |
| S | A | P | A | | A | | A | S | A | R |
| | | | B | A | N | A | T | | | |
| P | A | K | O | | I | | M | I | K | I |
| I | P | A | | A | S | A | | T | A | T |
| K | U | L | A | Y | | A | K | A | L | A |
| I | L | A | G | A | | N | I | Y | O | G |
| T | A | N | A | W | | I | T | A | S | A |

| | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| B | A | T | I | K | | P | U | L | A | S |
| A | P | I | N | A | | A | S | A | W | A |
| G | A | S | U | L | | S | A | K | A | L |
| | K | A | N | I | N | A | | I | S | A |
| K | | Y | A | W | E | | | P | A | K |
| A | K | | T | A | P | A | L | | N | O |
| S | I | M | | | A | S | A | L | | T |
| U | L | I | | A | L | U | N | A | N | |
| K | A | L | A | M | | K | I | P | O | T |
| A | L | A | N | O | | A | T | A | R | I |
| T | A | N | A | Y | | L | I | G | A | S |

# WORD SEARCH

BARN, BAY, CRESTED, ELF, GREY, HAWK, JAMAICAN, LITTLE, MANED, MARSH, MASKED, SNOWY

| | | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| W | R | E | F | N | A | C | I | A | M | A | J | B | L | R |
| L | A | L | T | B | W | G | S | G | W | A | H | E | A | U |
| M | E | C | E | O | L | N | D | D | R | O | P | L | N | Y |
| A | J | B | G | C | O | E | E | U | R | E | A | I | T | D |
| D | A | E | U | W | D | T | D | N | R | D | Y | T | I | D |
| A | M | H | Y | R | S | E | E | T | E | T | S | T | R | E |
| G | A | A | C | E | R | D | K | R | R | N | T | L | C | L |
| A | I | D | R | E | L | O | A | S | L | E | O | E | U | C |
| S | V | C | K | A | E | E | W | C | A | A | E | R | C | A |
| C | G | S | C | A | G | R | R | I | C | M | G | N | K | T |
| A | H | M | A | N | K | D | C | O | N | D | U | N | O | C |
| R | A | A | O | N | O | E | S | S | P | G | R | A | O | E |
| H | R | L | W | S | B | N | H | S | R | A | M | E | C | P |
| A | C | C | O | K | D | A | G | E | B | S | H | H | O | S |
| A | S | P | S | U | E | M | Y | E | M | O | T | T | L | E |

ACCEPT, BAGGAGE, BELLOW, CHANNEL, COPPER, FEED, FILLING, GOOSE, PUDDING, RABBIT, VACUUM, VILLAGE

| | | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| E | F | A | L | U | B | E | G | A | L | L | I | V | L | J |
| W | I | R | A | P | R | A | B | B | I | T | S | C | J | A |
| K | L | A | M | E | N | E | C | C | M | R | E | D | L | C |
| Z | L | C | E | I | E | L | O | C | S | K | J | P | E | K |
| D | I | E | B | C | N | P | S | K | E | A | A | I | N | K |
| F | N | P | N | U | P | N | R | E | B | P | L | H | N | N |
| A | G | A | P | E | N | A | O | B | S | G | T | S | A | I |
| M | D | B | R | E | V | O | E | W | N | O | U | L | H | F |
| U | D | B | E | D | R | R | O | I | N | M | O | D | C | E |
| U | A | D | R | L | A | E | D | C | M | T | E | G | O | T |
| C | P | A | Y | T | L | D | T | E | C | E | L | A | R | S |
| A | A | U | O | R | U | O | R | N | F | A | S | I | P | T |
| V | C | R | U | P | R | T | W | I | U | E | R | O | L | R |
| S | E | Y | H | P | S | U | C | E | G | A | G | G | A | B |
| A | N | E | E | L | D | D | H | W | R | A | M | E | W | C |

**Sagot sa nakaraan:**

| | | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| S | L | I | D | E | R | S | F | A | U | A | R | O | V | F |
| R | O | C | B | A | K | A | E | D | I | A | C | T | Y | L |
| A | R | O | A | E | C | S | P | A | O | T | I | I | H | E |
| V | E | A | D | N | K | C | R | I | U | O | J | U | D | P |
| O | T | I | H | I | D | U | E | R | D | N | T | M | K | O |
| I | H | C | D | N | S | I | B | N | O | S | I | N | G | C |
| D | D | I | U | Q | S | I | D | I | D | D | D | R | A | S |
| A | A | S | A | U | D | R | Y | A | D | I | E | T | T | O |
| N | G | C | E | I | P | T | E | L | T | G | U | R | O | D |
| C | P | L | T | D | I | L | E | D | D | E | I | O | F | I |
| E | E | Y | I | D | I | A | E | I | I | D | T | R | I | E |
| O | H | T | I | D | T | R | R | T | E | P | B | E | U | L |
| H | G | G | M | S | E | B | P | A | N | U | S | T | M | A |
| G | I | N | H | U | M | I | D | I | T | Y | A | E | N | K |
| R | A | M | I | R | A | Z | R | E | T | L | R | Y | K | Y |

| | | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| S | R | A | N | C | I | R | B | M | D | E | S | K | P | O |
| P | A | L | H | O | C | E | N | E | M | H | B | P | E | R |
| T | R | E | A | S | S | C | C | I | R | C | A | E | R | E |
| N | S | S | D | Q | T | C | A | O | C | U | A | T | D | C |
| T | A | T | E | A | U | C | C | R | T | O | H | Q | I | L |
| H | O | A | U | N | V | K | O | E | R | C | G | R | A | I |
| E | I | N | E | T | E | E | N | O | Z | E | D | J | D | N |
| A | R | D | E | R | A | I | N | T | R | R | F | I | R | E |
| D | U | E | E | N | B | E | E | P | E | R | S | E | A | R |
| B | C | P | L | A | I | N | S | S | O | R | N | P | O | S |
| O | O | H | C | B | O | T | S | E | O | R | M | R | B | R |
| A | L | E | A | N | A | E | S | A | V | A | T | A | P | E |
| R | O | R | R | I | R | T | O | O | L | O | I | A | U | E |
| D | H | D | T | D | R | M | F | P | A | G | L | L | C | Y |
| B | U | R | E | A | U | C | A | O | U | S | A | N | O | G |

# SUDOKU

| | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | 9 | 2 | | | | | | |
| 5 | | 8 | | 4 | | 2 | | |
| | | | | | | 5 | 7 | |
| 8 | 4 | 1 | 7 | 3 | | | | |
| | 2 | 7 | 8 | | 9 | | 4 | 6 |
| | 5 | | | | 4 | | 3 | |
| 7 | | 4 | | | | | | 2 |
| 2 | 3 | 9 | | | | | 5 | |
| | 8 | | 1 | | 3 | | | 7 |

| | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | 4 | 5 | | 8 | | | 3 |
| 9 | 2 | 5 | | | | 7 | | |
| 6 | 3 | | | | | | | 2 |
| | | | | | | 3 | 7 | |
| 4 | 7 | | | 6 | | | 2 | |
| 2 | | 9 | | | | | | |
| 8 | 4 | 6 | | 5 | 3 | | | |
| | | 7 | 6 | | | 5 | | |
| 3 | | 2 | 9 | | 4 | 6 | | 1 |

**Sagot sa nakaraan:**

| | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 3 | 4 | 7 | 1 | 2 | 8 | 6 | 5 | 9 |
| 2 | 8 | 5 | 9 | 6 | 3 | 4 | 7 | 1 |
| 9 | 6 | 1 | 7 | 5 | 4 | 8 | 3 | 2 |
| 5 | 2 | 3 | 4 | 1 | 7 | 9 | 8 | 6 |
| 6 | 7 | 4 | 8 | 9 | 5 | 2 | 1 | 3 |
| 1 | 9 | 8 | 6 | 3 | 2 | 7 | 4 | 5 |
| 8 | 5 | 6 | 2 | 4 | 1 | 3 | 9 | 7 |
| 7 | 3 | 9 | 5 | 8 | 6 | 1 | 2 | 4 |
| 4 | 1 | 2 | 3 | 7 | 9 | 5 | 6 | 8 |

| | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 9 | 4 | 8 | 1 | 6 | 5 | 2 | 3 | 7 |
| 6 | 5 | 3 | 7 | 8 | 2 | 4 | 9 | 1 |
| 2 | 7 | 1 | 9 | 4 | 3 | 8 | 6 | 5 |
| 7 | 1 | 6 | 3 | 5 | 8 | 9 | 2 | 4 |
| 8 | 9 | 2 | 4 | 7 | 6 | 5 | 1 | 3 |
| 4 | 3 | 5 | 2 | 1 | 9 | 7 | 8 | 6 |
| 5 | 6 | 4 | 8 | 2 | 1 | 3 | 7 | 9 |
| 3 | 8 | 7 | 6 | 9 | 4 | 1 | 5 | 2 |
| 1 | 2 | 9 | 5 | 3 | 7 | 6 | 4 | 8 |

# BARANGAY CHAIRMAN SA 'DASMA, DINAKMA SA DROGA

**SWAK sa kulungan ang isang barangay chairman nang mahulian ng droga sa isang buy busy operations sa Dasmarians City, Cavite.**

Paglabag sa RA 9165 ang isinampang kaso laban sa naarestong suspek na si Rolando Noora, 44, chairman ng Brgy. Sta. Fe, Dasmarinas City at residente ng Block 10 Lot 18, ng naturang barangay.

Sa report ni PO2 Jeremiah Baniasa, ng Dasmarians City Police Station, dakong alas-5:15 ng hapon nang ikasa ng Drug Enforcement Unit ng Dasmarinas CPS ang buy bust operations laban sa suspek sa Brgy. Sta Fe kung saan matagal nang pinaghihinalaan ang suspek na nagbebenta ng droga sa kanilang lugar.

Isang poseur buyer ang nakipagtransaksiyon sa suspek at sa aktong tinatanggap nito ang marked money na P500 kapalit ng hinihinalang shabu ay inaresto ito.

Narekober kay Noora ang 14 pirasong sachet ng hinihinalang shabu, aluminum foil strip; glass pipe na ginagamit na tooter, lighter at kalibre 45 baril at anim na bala.

Ang suspek ay kasalukuyang nakakulong sa Dasmarinas City Custodial Center. **GENE ADSUARA**

# 6 katao, laglag sa buy bust

SWAK sa kulungan ang anim na katao, kabilang ang dalawang graduating students matapos na naaresto sa isang drug operations sa Dasmarinas City, Cavite.

Kinilala ang mga suspek na sina Ma. Bianca Balagtas, alias Bianca Chua, 21, dalaga, graduating students ng AB Multi-Media Arts at residente ng Block 25 Lot 25 Vasarie St., Avida Subd., Brgy Salawag, Dasmarinas City; Ron Michael Aguilon, alias Ron-Ron, 24, binata, college undergraduate, ng Block 17 Lot 26 Valencia St., Camella Springville, Brgy Molino 3 Bacoor City; Raymond Ghosh, 21, binata, graduating student ng BS Business Administration, ng Block 6 Lot 5B Aster St., Brgy Queensraw West, Bacoor City; Joseph Benjamin Vehano, 22, college undergraduate ng Block 2 Lot 2 Aguilar St., Lessandra Heights Brgy. Molino, Bacoor City; Ariel John Bautista, 23, college undergraduate, ng 82 Cedar St., Woodstate Subd., Brgy Molino 3 ; at Neil Granfiel, 22 college undergraduate at call center agent, ng Block 8 Lot 79 Sulit St., Phase 232 Mary-Homes Subd., Brgy Molino 4.

Sa report ni Supt Vicente Cabatingan, Hepe ng Bacoor City Police Station, dakong alas-3:45 ng madaling araw ng Sabado nang isinagawa ang buy bust operations sa Molino Road, Brgy. Molino 3, Bacoor City na nagresulta sa pagkakaaresto sa anim na katao.

Sa nasabing operasyon, nakuha sa kanila ang 4 na plastic sachet ng hinihinalang marijuana (Kush) na tinatayang 10.45 gramo at may street value na P71,060, 4 na pirasong zip lock na hinihinalang cocaine at tumitimbang ng 4.77 at may street value na P32,436, buy bust money, mga drug paraphernalias at isang Toyota Wigo na may plakang AAW 5026 na kanilang ginagamit para sa illegal nilang transaksiyon. **GENE ADSUARA**

# Mag-iina, naabo sa sunog sa Alfonso

**HINDI** inakala ng isang lola na ang matamis na halik at yakap ng kanya mga apo ay huling paalam sa kanya nang bangkay nang nadatnan ang kanyang mag-iina matapos na hindi nakalabas ng kanilang bahay habang nasusunog ito sa Alfonso, Cavite.

Kinilala ang mga biktima na sina Lovely Demillio Jassem, 26, may-asawa at anak nitong si Rylai Lexi Jassem, 5 taon, babae at Rijin Lex Jassem y Demillo, 1-anyos, pawang residente ng Brgy Poblacion IV, Alfonso.

Sa report ni PO3 Boyet Soriano, ng Alfonso Municipal Police Station, dakong 1:20 ng hapon nang nagsimula ang sunog sa bahay ng pamilya Jassem kung saan magkakasama ang mag-iina sa loob ng bahay.

Bago naganap ang insidente, nagpaalam ang nanay ni Lovely sa kanila at sa kanyang dalawang apo at nagbilin ang huli na magluto na lamang ng pagkain para sa kanyang mga apo.

Ayon kay Soriano, mahigpit na yakap at halik pa umano sa kanilang lola ng kanyang dalawang apo nang umalis ito para sa isang fiesta sa Barangay Mangas.

Gayunman, habang kumakain si lola sa handaan, nakatanggap ito ng tawag kung saan sinabing nasusunog ang kanilang bahay kaya agad itong bumalik subalit bangkay nang nadatnan ang kanyang anak at mga apo.

Sa inisyal na imbestigasyon, kinakatok ni Ashley Rollon Demillo, 15, pamangkin ni Lovely, ang bahay ng mga biktima nang napansin itong may makapal na usok na nagmumula sa loob ng bahay, gayunman, naka-lock ang pintuan at hindi rin siya sinasagot hanggang sa napansin niyang nagbagsakan na ang nasusunog na kahoy dahilan upang lumayo ito.

Idineklarang fire-out ang sunog dakong alas-2:30 ng hapon.

Pinaniniwalaang naiwang apoy sa kalan ang pinagmulan ng sunog dahil base sa inisyal na imbestigasyon ng Alfonso Bureau of Fire Protection, napansin nilang bukas ang tangke ng gas nang naganap ang insidente, bagama't nagsasagawa pa ng imbestiagsyon ang awtoridad hinggil sa dahilan ng sunog. **GENE ADSUARA**



**PS11 commander binantayan ang divi vendors!** SINUYOD ng mga kapulisan ng MPD Station 11 sa pangunguna ni Supt Antonieto Eric Mendoza ang paligid ng Divisoria kung saan binantayan ng awtoridad ang mga pasaway na vendors na nagdudulot ng masisikip na daloy ng trapiko dahil sa pagtitinda na halos sakupin na ang mga kalsada sa nasabing lugar. Ang clearing operation ay anila ang simula ng pagbabago at kaayusan sa naturang lugar partikular na ngayong nalalapit na Kapaskuhan dahil sa karagdagang police visibility laban sa mga masasamang loob.**(BRIAN BILASANO)**

# Kelot, tepok sa mag-uutol dahil sa masamang tingin

**MINSAN** pang napatunayan na nakamamatay ang tingin makaraang pinagsasaksak hanggang sa napatay ang isang lalaki nang napatingin ito sa grupo ng magkakapatid sa kalagitnaan ng masayang inuman sa Alfonso, Cavite.

Namatay noon din si Ruel Lipatan, nasa wastong edad at residente ng Brgy. Lucsuhin Ibaba, Alfonso habang isinugod naman sa Dr. Poblete Memorial Hosptal si Bienvenido Cano, 62, dahil sa saksak sa balikat.

Arestado naman ang isa sa apat na suspek na si Jason Barrios, 33, may-asawa, ng Austria St., Brgy Lucsuhin Ibaba habang pinahahanap pa ng pulisya ang magkakapatid na sina Elmer Asim, Joselito Asim at Roy Asim, pawang residente ng naturang barangay.

Sa report ni SPO2 Randel Mojica, ng Alfonso Municipal Police Station, naganap ang insidente sa Austria compound kung saan masayang nag-iinuman ang biktima at mga suspek at ilang kaibigan dakong alas-9:00 ng gabi.

Ang mga biktima at mga suspek ay magkahiwalay ng lamesa at dahil lamang sa pagkakatingin ay umusbong ang kaguluhan.

Nagpulasan ang mga suspek matapos ang pananaksak subalit naaresto si Barrios. **GENE ADSUARA**




# KAMUSTA NA?

Kamusta na sambayang Pilipino? Ayos paba' ang buhay natin kaya paba' eh kung hindi paano na ewan kba' bahala na! bahala na! bahala na!

yan ang lyrics sa isang kantang may malalim na kahulugan na pakiwari ko sa kabila ng kaliwa't kanan nating pakikibaka sa buhay. Kapag inyong itatanung ang isasagot ay ok lang, sakto lang, nakakaraos pa naman.

Kahit apektado na tayo sa pagtaas ng mga bilihin sa merkado na tanging ang nakakaintindi ay silang mga yaong may sinabi sa lipunan, na minsan inisip ko sila din ba ang may kinalaman bakit kahit anung diskarte at sipag sa pagtatrabaho ng ating mga kababayan ay di makayang mapalakas ang halaga ng piso. Kung inyong mamarapatin kayong mga nasa itaas bakit sa tuwing kami ay naghahanap ng kasagutan sa mga katanungan… bakit tumaas nanaman ang kuryente anu ba talaga ang pinupunto nyo sa salitang system lose? at pag dika nakapagbayad sa tamang araw ay agad nilang puputulan.

Gumaya narin si maynilad na kahit 300 pesos lang ang inyong bill ay agad nilang ipa-podlock ang metro! Sa puntong wala kayong magagawa! samantalang sila lang ang nakakaalam paano ba nila hinahati-hati ang rate ng residential at kapag may konting hanap buhay kayo'y agad nilang gagawing commercial rate lalo na't ginawa ninyong sentro sa hanap buhay ang patubig itoy agarang magiging industrial rate (as in x3 sa normal rate) patay tayo d'yan.

Langya… pati ba naman ikaw PLDT nakisali na rin, kahit puro reklamo ang tinatanggap ninyo sa inyong mga costumers.

Ilang reklamo tulad ng mga di dumarating na bills, hindi na kakaltas na ilang araw na aberya sa problema sa serbisyo sa telepono at internet. Kung di ninyo na irereport… bakit pagganyang issue hindi ba computer generated… hindi ata patas yan, alam nilang in demand ang internet kapag inabot kayo ng due date ay agad mapuputol at isasagot ng mga operator ay computer generated kaya wala silang control. Ikaw tuloy na consumers walang magawa kundi mainis sa di mo alam ang solusyon.

Maging sa hotline number nyo… langya kaya pala tinawag na hotline…

magiinit ka talaga dahil sa mga operator na voice recording na sumasagot sa mga tawag mo! Kailangan ninyong habaan ang inyong pasyensya para makarating sa operator ang inyong reklamo at kung mamalasin pa sa tinagal ng inyong pag aantay ay bigla nalang mapuputol ang tawag mo.

#BANAS…

Hay buhay nga naman… Sa tingin nyo ba apektado sila sa mga hinaing ng sambayanang Pilipino?

Hindi kaya't pinapa ikot lang nila ang taong bayan at sa atin ipinapasa ang pagtaas ng lahat ng bayarin o gastusin na dapat sila ang umaako.

Anu sa tingin nyo?

Sa inyo pong opinion at suhisyon mag email lamang po sa michael_tangog@yahoo.com o mag text sa 09750887766 marami pong salamat.

# PANGALAN NI ROSARIO, CAVITE MAYOR RICAFRENTE 'BINITBIT' NG LASENGGO

**HINDI nakalusot ang diskarte ng isang 34-anyos na lalaki na nagpakilalang pamangkin siya ni Rosario, Cavite Mayor Jose Voltaire Ricafrente upang umiwas sa pagkahuli sa Rosario, Cavite.**

PatUng-patong na kaso ang isinampa laban sa suspek na si Zamer Sustan, binata ng Brgy. Julugan 5, Tanza dahil sa reklamo ng mga tanod ng Barangay Silangan, 1 Rosario, na sina Volatare Gonzaga, 34, Edgardo Miranda, 52; Cesmar Enriquez, 38; at Oliver San Agustin, 30.

Sa report ni PO2 Ahvegail Darang, ng Rosario Municipal Police Station, pasado alas-12:00 ng hatinggabi nang pinuntahan ng mga naka-duty na tanod ang grupo ni Sustal dahil sa idinudulot na pagiingay at pagkakantahan hang nag-iinuman sa Isla Bonita sa Barangay Silangan.

Gayunman, imbes na tumigil at sundin ang mga tanod ay nagalit pa ito at nagpakilalang pamangkin siya si Rosario Mayor "Jun" Ricafrente.

Hindi naman natinag ang mga tanod at binibit ang suspek sa kanilang barangay subalit nagawa nitong makatakas.

Nasukol siyang muli ng mga tanod at isinakay sa patrol tricycle gayunman habang ibinabiyehe patungo sa barangay ay tinangkang muling tumakas at itinulak si Miranda.

Nahabol siyang muli ng mga tanod hangang sa nadala sa barangay.

Sa tanggapan ng barangay, nalaman na wala naman siyang kaugnayan sa naturang alkalde.

Kasong palabag sa direct assault on agent of person in authority & resistance at Disobedience to a Person in Authority or the agents of such person ang isinampang kaso laban sa kanya. **GENE ADSUARA**



**HANEP SA HANEP** magaganap sa bansa ang 2018 Southeast Asian Wrestling and Grappling Championships na pasisimulan ngayong November 5 – 10 sa Dalubhasaan ng Lunsod ng San Pablo makaraang ganapin ang pagtitipon at nagkaroon ng pormal na photo ops na pinangunahan ni (pangalawa mula kaliwa) URCC Global Chief Executive Officer Alvin Aguilar, John Edgar Adajar URCC Global Welterweight Champion, Marcus Vacda WAP, (dulong kaliwa) Karla Monica Adajar councilor San Pablo City at (dulong kanan) Janquil Bumagat San Pablo City Sports Developments Officer **(RGN)**




**HEALTH MISSION FOR THE WELFARE OF INMATES:** Believing that everybody deserves basic quality healthcare services, the team of volunteers from the city and provincial health office once again visited Cavite City District Jail on October 22, 2018 for the conduct of medical and dental mission. Hundreds of inmates and detainees were given free medical check-up, dental extraction and prescribed medicines. District Jail Warden Macario Tayaban Jr. expressed his appreciation to Governor Boying Remulla and to the doctors, dentists, nurses and other staff of the provincial government who spent their time for the welfare of the people behind bars. —**(PICAD)**

# HANEP

*Basahin Mo Ito!*

## KALIBRE

**ROMY SANTOS**
0977-7844136



## 'Wag manilaw

**DRIVER** o nagmamaneho ka ba?

Ang binubuntutan o sinusundan mo ay isang single motorcycle at ikaw naman ay sasakyan ang iyong minamaneho.

Sabihin na nating mali ang rider dahil wala siya sa motorcycle lane.

Pero sapat na dahilan na ba iyon upang paulit-ulit mo siyang binubusinahan o kaya naman ay sinisilaw ng iyong malakas o mataas na headlight?

Flasher ba ang tawag doon?

Sa ganang akin ay mali pa rin.

Bakit?

Paano kung bago sa lugar ang rider at hindi niya alam na mayroong motorcycle lane roon.

Puwede ring naipit siya at kumukuha naman ng tiyempo para makapuwesto sa motorcycle lane.

Maaaring may iba pang dahilan kaya hindi pa siya nakakapuwesto sa motorcycle lane.

Eh kung ang bumubuntot ay panay ang busina o paninilaw, lalo at gabi iyon, natural na mahihirapan bago makalusot ang rider.

Nagkataon pa na hindi naman 'harabas' kung magmaneho ang rider na basta na lamang singit nang singit kaagad.

Simple lang naman iyan, kung mali man ang rider ay hindi naman siguro maganda o tama na siya ay businahan nang businahan o silawin nang silawin.

Kung gusto mong mauna ay kumuha na lamang ng wastong tiyempo.

Alalahanin mo na kahit mali siya ay magiging kasalanan mo pa rin sakaling mabangga ito.

Buhay mo at buhay ng ibang tao ang dapat isaalang-alang ng bawat driver o nagmamaneho.

Iyon lang po.


"Malinis Masarap, Laging Bago"
PING-PING Lechon & Rest. Inc.
Famous for Native Lechon • Lechon Baka
Pancit Sa Bilao • Catering Services
Main:
14 A. Bonifacio Ave.
cor. Mariveles St. Laloma, Q.C.
Tel. Nos.: 740-2111 • 741-6874
740-2175 • 741-3027
741-9995 • 413-2622
Branch:
360 Blum. Ext. cor. N.S. Amoranto Q.C.
Tel. Nos.: 741-6955 • 741-8668
Look for:
Bong or William



# Pulis-Makati at Pulis-Kyusi, arestado ng Pulis-Cavite

**BINITBIT** ng Cavite police ang isang pulis-Makati matapos na ireklamo ng mga residente dahil sa walang habas na pagpapaputok ng baril sa Silang.

Kasong Alarm ang Scandal ang isinampa laban kay PO1 Jan Kirbi Vigilia, nakatalaga sa Makati City Police Station, Drug Enforcemenr Ubit (DEU) at residente ng 23-A Jacinto St., Brgy. San Vicente 2, Silang.

Sa report ni PO3 Aries Mendoza, ng Silang Municiapl Police Station, dakong alas-9:15 ng gabi nang nakatanggap ang Silang MPS ng tawag mula sa isang residente hinggil sa walang habas na pagpapaputok ng baril.

Agad namang nagresponde ang mga kagawad ng Silang MPS kung saan kung saan nakarinig sila ng putok ng baril at naabutan ang suspek na naka-sando at hawak ang isang kalibre .9mm Pietro Beretta na may PNP marking, magazine na may lamang 9 na bala at basyo ng .9mm.

Ang suspek ay kasalukuyang nasa kustodiya ng Silang MPS at sasailalim sa paraffin test.

Samantala, pinosasan ng isang Police Cavite ang kanyang kabaro makaraang ireklamo sa pananapak sa isang waiter sa loob ng isang restaurant sa Imus City.

Nasa kustodiya ng Imus CPS ang suspek na si Ausgusto Dukinal Jr, 30, binata, miembro ng Philipppine National Police (PNP) at kasalukuyang naka-assigned sa Quezon City Police Station at residente ng Block 2 Lot 9 Camella Fairfields, Brgy Mambong 1 Bacoor City, dahil sa reklamo ni Kyle Encontro, 18, waiter ng Mary Cris Homes, Brgy. Bucandala.

Sa report ni PO2 Yves Luyun, ng Imus City Police Station, dakong alas-10:40 ng gabi nang pumasok si Dukinal sa loob ng Kotse Café sa Brgy, Palico 4.

Dahil lasing ay nagsisigaw umano ito at nagpakilalang isa siyang police kaya nilapitan siya ni Encontro.

Gayunman, ikinagulat naman ni Encontro nang bigla siyang sinapak sa mukha ng lasing na pulis dahilan upang tumawag ng responde na nagresulta sa pagkakaaresto nito.

Kasong Alarm in Sacandal at Physical Injuries ang kinakaharap ni Dukinal. **GENE ADSUARA**